

Gabay sa Pamumuhay ng Funabashi Daiichi Hotel

船橋第一ホテル 生活の手引き

Hinihingi namin na manatili sa loob ng sa pasilidad upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Bilang patakaran, ang mga pagkain at pang-araw-araw na pangangailangan sa panahon ng pagpapagamot sa pasilidad ay ihihahandog nang walang bayad. Gayunpaman, maaaring niyong pasanin ang ilang gastusin tulad ng pagpapasuri ng ospital at mga gamot. Sa inyong panirahan sa hindi nakasanayang na kapaligiran, susuportahan namin kayo hanggang maaari upang gawing maginhawa ang iyong pananatili. Hihihingi namin ang iyong pagunawa at pakikisama.

● Tungkol sa General Affairs Office Hotel

- Handang tumulong ang mga doktor ng hotel 24 na oras sa isang araw.
- Handang umasikaso sa inyo ang mga nars, health nurses, at management staff nang 24 oras bawat araw.

Kung ikaw ay nahihirapan makipagusap sa lenggwaheng Hapones o nais mong magsalita ng wika ng iyong sariling bansa, mangyaring makipag-ugnayan sa Funabashi Multilingual Information Center

Funabashi Multilingual Information Center

Telepono: 050-3101-3495

9am to 5pm

Ito ay sarado tuwing Sabado, Linggo at National Holidays

● Tungkol sa mga maaaring dalhin

- Mga dapat dalhin
 - Dokumentong pang ID(residence card, pasaporte, atbp.)
 - Health Insurance Card (o kaya kopya nito)
 - Notebook ng mga gamot(para sa mga taong karaniwan ay may iniinom na gamot)
 - Sipilyo
 - Tuwalya(May ihahanda kaming1 piraso, Maghanda ng kargdagan kung kulang ito para sa iyo)
 - Thermometer(Maaring humiram kung wala ka nito)
 - Room gown

➤ Pang-araw-araw na pangangailangan

- Ang mga kagamitan na maaaring ihanda sa hotel ay nakalista sa “Listahan ng Kagamitan”.

Mangyaring ihanda ang iyong sariling damit at make-up.

Maaari ka magpadala ng pagkain mula sa iyong mga kaibigan at mamili sa Internet pagkatapos mong pumasok sa iyong kuwarto.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa seksyon sa "Mga Regalo mula sa Mga Kakilala at Pamimili sa Internet".

➤ Mga bagay na hindi maaaring dalhin

- Alak
- Sigarilyo
- Mga kagamitang bahay na malakas gumamit ng kuryente (microwave, atbp.)
- Mga hilaw na pagkain, atbp.

● **Tungkol sa Pamumuhay**

➤ Pangkalahatang pamumuhay

Bilang patakarán, hinihiling namin na **Manatili kayo sa inyong sariling silid.** Sa oras ng pagkuha ng pagkain, siguraduhing magsuot ng maskara pag alis sa kuwarto, at hugasan mga kamay sa inyong pagbalik.

Hindi maaaring umalis o lumabas ng pasilidad sa panahon ng iyong paninirahan.

Panatiliing magusap sa mahinang boses sa loob ng kuwarto.

Kapag nakikinig ng musika, magsuot ng mga earphone at iwasang lumabas ng kuwarto ang tunog nito.

➤ Tungkol sa susi ng kuwarto

Ang kuwarto ay auto lock.

Sa pagtanggap ng pagkain o kagamitan, dalhin ang susi paglabas ng kuwarto at ibalik ito sa kinalalagyan nito pagkablik sa kuwarto.

Sa kaganapan na hindi ka makabalik sa iyong kuwarto dahil naiwan mo ang iyong susi sa loob ng iyong silid at sumara ang kandado ng auto-lock, gamitin ang telepono na matatagpuan malapit sa elevator. Gagabayan kayo ng aming mangagawa.

➤ Paliguan • banyo

Maryoong isa sa bawat kuwarto.

Walang takdang sa oras ng paggamit banyo o paliugan para sa pagligo. Ngunit, kung kayo ay gagamit

mga banyo o paliguan sa gabi o sa madaling-araw, hinihingi namin ang pagbigay alala sa inyong paligid.

➤ Linen (sapin ng kama, mga punda, tuwalya)

Kung kailangan mong papalitan ang mga linen na kagamitan, mangyaring makipag-ugnay sa reception desk. Ang pagpapalit ng mga ito ay kailangang gawin ng sarili. Ang pagpapalit nito ay ginaganap isang beses sa isang linggo.

Kung kailangang labahan ang mga linen na kagamitan, gamitin ang sabong panlaba na matatagpuan sa inyong silid at labahan ang mga ito ng inyong sarili.

➤ Paglalaba

Mangyaring maglaba sa banyo ng inyong kuwarto.

Mangyaring tandaan na hindi kami tumatanggap ng mga hiling ng pagpalaba.

Mag-ingat na huwag hayaang lumipad ang labada kung bubuksan niyo ang bintana upang isampay ang mga labada.

➤ Pagkain

Maghahanda kami ng pagkain 3 beses sa isang araw - ibibigay it sa umaga, hapon at tanghali. Ang mga lunchbox ay ilalagay sa isang mesa sa harap ng mga elevator ng bawat palapag. Kapag handa na ito, ipahayag namin ito gamit ng PA system, kaya mangyaring kumuha ng isa para sa bawat tao at kumain sa iyong sariling silid.

Nakasulat sa iyong lunchbox ang numero ng iyong kuwarto. Dahil sa mga allergy at iba pang mga dahilan, maaaring maging iba-iba ang laman ng bawat lunchbox. Siguraduhing hindi ka nagkakamali sa iyong kinuha.

Mangyaring ipaalam sa amin nang maaga kung may anumang mga pagkain na hindi mo maaaring kainin dahil sa iyong relihiyon.

Oras ng paghanda (kumigit-kumulang: 7:30, 12:00, 18:00)

Gayundin, hindi mo kailangang kainin ang lahat ng laman ng iyong lunchbox

Gawing alagaan ang iyong kalusugan sa gamit sa pagbawas ng dami ng iyong kinakain, depende sa iyong karamdaman. Upang maiwasan ang pagkalason sa pagkain, mangyaring kainin ang iyong pagkain sa lalong madaling panahon at itapon ang anumang natirang pagkain.

Mangyaring basahin ang tungkol sa "Pagtatapon ng Basura" para sa impormasyon sa pagtatapon ng mga lunchbox ng pagkain at iba pang basura.

➤ Pagbabawal sa pag-inom ng alak

Maaaring mapahirap malaman ang lagay ng iyong kalusugan dahil sa pag-inom ng alak. Dahil dito

ipagbabawal namin ang pag-inom ng alak sa hotel. Hinihinigi namin ang inyong pakikisama.

➤ Pagbabawal sa paninigarilyo

Bawal ang paninigarilyo sa panahon ng iyong paniniarahan sa hotel. Hinihinigi namin ang inyong pakikisama.

➤ TV

Mayroong TV sa bawat kuwarto. Magagamit ito gamit ng kasama na remote control.

➤ Paggamit ng Wi-fi

Ito ay magagamit nang libre. Ang impormasyon tungkol sa kung paano gamitin ang hotel ay ipagkakaloob sa oras ng pagpasok dito.

➤ Tungkol sa lagay ng kalusugan

- Upang siguraduhin ang kalagayan ng inyong kalusugan ay hihingin namin ang kunin ninyo ang temperatura ng inyong katawang tuwing umaga at gabi.
- Mangyaring punan ang karagdagang papeles para sa pangangalaga sa kalusugan, na maaaring sulatan bago mag-agahan (pinaka-mataas ng temperatura) at bago maghapunan. Isama sa inyong temperatura ang mga pagbabago sa iyong kalusugan. Tatawagan kayo ng nars o pampublikong nars dalawang beses araw-araw (umaga at gabi) at tatanungin kayo tungkol sa kalagayan ng inyong kalusugan.
- Pag kayo ay nakaranas ng malalang ubo, lagnat o pagsama ng karamdaman ay kahit anong oras man ay huwag mag-atubiling tumawag agad sa aming tanggapan.
- Dahil nakatira ka sa loob ng bahay, inirerekumenda namin ang madalas na paginom ng tubig at pagsagawa ng magaan na ehersisyo at pag-uunat sa loob ng bahay upang maiwasan ang tinatawag na economic class syndrome (deep vein thrombosis) at disuse syndrome.

➤ Tungkol sa Telepono

Ang telepono sa loob ng kuwarto ay magagamit lamang para sa pagtawag sa ibang lugar sa loob ng pasilidad.

Hindi ito magagamit sa pagtawag sa labas.

● **Tungkol sa pagtatapon ng basura**

- Para sa basura sa kuwarto, mangyaring ipasok lahat sa supot ng basura na isasama sa isang mga pinadalang lunchbox. Itapon ito sa basurahan na naka-install sa bawat palapag pagdating ng **18:45**. Walang pangangailangan para sa espesyal na pag-hihiwalay ng basura. **Hanggang maaari, gawing maliit ang kalagayan ng iyong basura sa pamamagitan ng, sa halimbawa, pagpisa ng mga plastik na bote, bago ito itapon.**
- **Huwag itapon ang basura mula sa bintana.**

● Tungkol sa mga regalo mula sa mga kakilala at pamimili sa internet

- Maaari magpadala ng gamit sa kakilala o bumili ng kagamitan mula sa sa internet. Pagdating nito ay tatanggapin ito ng aming mga tauhan, ipapaalam sa inyo at saka ilalagay sa pahabang mesa na mahanap sa bawat palapag. **Tatangihan namin ang pagtatanggap ng mga padala o bilihin na hindi pinaalam ang pagdating nito kaya siguraduhin ang maagang pagbibigay paalam sa aming opisina kung kayo ay magpapadala o kaya naman ay mamimili ng kagamitan mula sa internet.**

Mangyaring tandaan na hindi namin matatanggap ang mga ito mula sa mga taong natagpuang positibo sa COVID-19 o mga kalapit na kasamahan ng mga ito.

[Mga Ipinagbabawal]

Alak, sigarilyo, madaling mapanis na pagkain, atbp.

- Upang maiwasan ang mga maling paghatid na pakete, siguraduhin na ibigay sa tindero ang numero ng iyong kuwarto kasama ng address kapag bumili ka. Nakalaan sa baba ang address: Nakikiunawa kami na huwag baguhin ang pagsulat nito.

273-0011 Lungsod ng Funabashi, Prepektura ng Chiba Minatomachi 2-5-18

Funabashi Daiichi Hotel (numero ng kuwarto)

Numero ng telepono: Numero ng iyong cellphone

- Pagkatapos ng iyong pamimili, mangyaring sabihin sa aming tauhan: (1) ang iyong numero ng silid, (2) iyong pangalan, (3) ang bilang ng mga gamit na ihahatid, at (4) at kung alam mo ang petsa, ang petsa ng pagdating nito.

Makikipag-ugnay sa iyo ang aming tauhan pagdating ng iyong gamit.

Hindi kami tumatanggap ng mga gamit na kailangan bayaran sa pagdating nito. Gayundin, mangyaring tandaan wala kaming pananagutan sa pagbabayad sa anumang aksidente na maaring mangyari sa paghahatid ng inyong kagamitan.

- Para pananatili ng kalinisan, mangyaring iwasan ang pagpapadala ng hilaw, pinalamig o frozen na produkto sa tuwing pagpapadala o pamimili sa internet.

Dahil sa mga paghihigpit sa pagbigay ng kuryente, mangyaring iwasan ang paggamit ng mga elektrikal na kagamitan.

● Tungkol sa pagpapadala ng iyong багаhe

Hindi namin ito magagawang tanggapin.

Humihingi kami ng paumanhin at pag-unawa para sa abala na mararanasan mula dito.

Sa araw ng iyong paguwi

Para sa pag-alis, 10 araw mula sa petsa ng pagsisimula ng sakit, at 72 oras pagkatapos ng pagbuti ng karamdaman, ay maaari na kayo umuwi sa araw pagkatapos ninyong makatanggap ng pahintulot mula sa inyong doktor.

※ Ang “Araw ng pagkasakit” ay ang araw na kailan nagsimulang lumabas ang mga sintomas. Para sa mga taong walang sintomas o kaya naman ay hindi sigurado sa petsa ng pagsisimula ng mga ito, ang araw ay ang petsa ng pagsusuri gamit ng PCR.

※ Ang mga taong may “Magaang sintomas” ay ang mga gumaling ng hindi gumagamit ng antipyretics, at bumubuti ang mga sintomas sa paghinga.

➤ Mga bagay dapat tandaan kapag umalis

- **Bilang patakarán, hihilingin sa inyo ang pag-alis sa kuwárto sa araw pagkatapos matagpuan ang resulta para sa kondisyon ng pag-uwi** Kaya, mangyaring ayusin ang iyong багаhe at siguruhin ang iyong mga kailangang sakyan sa araw ng iyong pagalis.

※ Hindi ka pwedeng sunduin sa pick-up at drop off zone sa iyong pagalis.

- Ipapaalam sa inyo ng aming opisina ang mga detalye sa araw bago ng inyong pagalis. Mangyaring tawagan ang aming opisina pag nakahanda na ang inyong mga багаhe at pagdating ng oras ng inyong pag-alis. Pagkatapos ng pagkumpirma mula sa aming opisina, kayo ay maari na umalis.

- **Sa araw ng pag-alis at ay nakaranas ng ubo at lagnat (37.5 o lampas pa) at masama ang karamdaman, ay siguraduhin na ipaalam ito sa aming opisina.**

- Gawing huwag iuwi ang mga kagamitan mula sa hotel.

Mangyaring tandaan na isauli sa reception ang susi ng kuwárto, pulse oximeter at thermometer (kung ito ay hiniram mula lungsod)

- **Mangyaring linisin ang mga kagamitang panlinis at toilet at paliguan bago kayo umuwi.**

- Itatapon sapin ng kama, punda, takip ng comforter, bath mat, tuwlaya, at face towel. Isama ang mga ito sa ibang basura, ipasok sa supot para dito, siguraduhing sarado, at itapon sa kahon ng basura na mahanap sa bawat palapag. (Upang hindi umapaw palabas ang basura, gawin na hiwa-hiwalayin ang lahat ito at pauntiin ang laman ng bawat supot). **Siguraduhin ang listahan ng kagamitan para sa mga bagay na dapat o hindi dapat itapon.**

- Para panatiliing malinis ang mga kuwárto, itatapon namin ang lahat ng mga nasa loob nito maliban lamang ang mga kagamitan ng hotel. Mangyaring iwasan na makalimot ng kagamitan sa loob nito. .

Bilang karagdagan, walang kaming pananagutan sa pagkawala ng anumang kagamitan.

➤ Pangangalaga ng kalusugan matapos ng pagalis

Para sa 4 na linggo pagkatapos ng pagalis, magsuot ng maskara tuwing lumabas ka at gawing magingat sa kalagayan ng iyong sariling kalusugan.

Listahan ng Kagamitan

- Isang face towel at tuwlya. Magdala ng sariling gamit kung kulang ito.
- Handa kaming magpadala ng kagamitan kung sakaling magkulang ito. Mangyaring tawagan lamang ang aming opisina.

No	Pangalan ng gamit	Bilang ng kagamitan	Mga itatapon sa pag-alis
1	Linen set(Punda, Face towel, Tuwalya 1piraso, 2savin ng kama(para sa comferter at kutson)), savin para sa kutson	1Set(Hinandang Kama)	Itinakda
2	Shampoo	1piraso	
3	Conditioner	1piraso	
4	Sabong panligo	1piraso	
5	Razor	1piraso	○
6	Toilet paper	2piraso	Lahat
7	Disposable Slippers	1piraso	○
8	Toilet Quickle (Sheet panlinis ng banyo)	1piraso	Mga nilalaman Lamang
9	Toilet Brush(Unang gamit)	1piraso	
10	Toilet Brush(Pamalit)	1piraso	
11	Sabon panglinis ng banyo	1piraso	
12	Sabong panlaba	1piraso	
13	Resesh (Spray)	1piraso	
14	Tissue	1piraso	○
15	Lint roller	1piraso	
16	Supot para sa basurahan ng kuwarto	20piraso	
17	Mga hanger ng sampayan	5piraso	
18	Wet tissue	1piraso	○
19	Dishwashing liquid	1piraso	
20	Sponge	1piraso	○